

# "ULILANG BITUIN"

## Nobela ni Bb. Luz del Mundo

*BAKAS NG NAKARAAN:*

*Galit na si Ernesto. Galit din ang kanyang ina. Nagpapayo naman si Don Bandong. Buo pa ang pag-asa ni Donya Adela, na matutuloy rin ang pangarap niyang makasal si Ernesto kay Ligaya. Si Ligaya naman ay ayaw nang matuloy pa sila ni Ernesto. Para kay Ligaya, ang may kasalanan kung ipinagkakagayon ni Dora ay si Donya Adela. Ang nais ni Ligaya ay makausap si Dora, nang matiyak niyang ito ay buhay pa...*

(IKA-37 LABAS)

GABING-GABI na nang sumunod na araw nang si Ernesto ay malungkot na umuwi sa sariling tahanan. Inihagis ang sumbrerong suot sa ibabaw ng isang silya sa kabahayan at naupong malatang-malata sa unang likmuang nakita. Hinagod ang kanyang gulong buhok, pinahid ang pawis sa noo ng isang panyolitong may karumihan na ng kaunti dahil sa laging paggamit, at saka pailing na bumuntong-hininga.

"Umuwi ka na pala?..." ang kanyang narinig na tanong buhat sa puno ng hagdang patungo sa itaas ng bahay.

Tiningala ang tumawag at nang makita'y saka pailing na nagsalita.

"Opo, Lolo... Maghapon akong naglalakad..." ang pabuntong-hiningang tugon na hinahaplos ang buhok.

"Mukhang pagud na pagod ka... Saan ka ba nakarating...?" tanong ng matanda na lumapit sa apo. Ibinalik ang kuwako sa bibig at saka marahang nagpausok.

"Sinunod ko ang inyong bilin... Hinanap ko siya?..."

"At hindi mo na naman natagpuan?..."

"Hindi ko po natagpuan, nguni't naniniwala na akong siya'y... buhay, Lolo".

"Iyan din ang sabi ng iyong ina... Nguni't hindi mo naman makita at matagpuan."

"Ako'y galing sa konsulado ng Korea, Lolo. Ibig kong iyon ang una kong tunguhin. Natanto kong may isang Dora Wang Lee na nagnanais magbalik sa sariling bayan. Alam ba ninyo, Lolo na si Dora pala'y hinahanap ng buong pamahalaan ng Korea?..."

"Tutoo ba iyan?... At bakit daw?..."

"Wala doon ang konsul at wala rin ang kanyang kalihim. Ang nakausap ko'y ang kanilang punong kawani sa tanggapan. Sinabi sa akin na naghihintay ang konsul ng sagot ng kanilang pamahalaan kung dadakpin si Dora Wang Lee!..."

"Dadakpin?..." at ang kuwako sa bibig ng matanda ay kauntik nang malaglag sa malaking pagkagulat. "Bakit, si Dora ba ay isang..."

"Iyan na nga ba ang sinasabi ko eh..." ang kanilang narinig na tinig

"Mama..."

Narinig pala ni Donya Adela ang sinasabi ng anak habang siya'y papanaog sa hagdanan

"Iyan na nga ba ang kutob ng loob ko sa babaing iyan..." ang muling ulit na tila lalong ipinaririnig sa matandang Bandong. "Sa kilos at pananalita ng asawa mong iyan ay may lihim na binabalak..."

"Huwag ka na munang magpauna, Adela..." payamot na wika ng matandang lalaki. "Bayaan mong si Ernesto ang magsalaysay ng lahat..."

"Iyan po ang aking narinig, nguni't hindi nila matiyak kung dadakpin o hindi sapagka't naghihintay sila ng pasabi ng pamahalaan ng Korea. Nguni't ayon sa aking nakausap, ang buong konsulado ay humingi na ng tulong sa mga kagawad ng pulisya dito sa Maynila at maging sa hukbo..."

"*Que grande kosa* sa isang gusgusing Koreana!..." papiksing wika ng matandang babae. "Bakit pa?... Madali namang madadakip iyon kung gusto nila."

"O ano pa ang natuklasan mo, iho?" tanong ng matandang Bandong na hindi pinansin ang pagsasalita ng pamangking babae.

"At nagtungo rin kami ni Sebio sa itinuro ninyong otel, Mama..." ang tugon ng lalaki. "Doon ay walang nakatirang Koreana, ayon sa katiwala ng Otel. At wala rin silang pangalang Dora Wang Lee. Ang nakatitik sa kanilang talaan ay Miss Teodora del Mundo, taga Tayabas. Ang silid ay may bilang 22 sa ikalawang palapag.



# Hindi Akalain Ng Mutyang Si Dora

[illegible]

"Teodora del Mundo?... Baka si Dora rin iyon?..." ang tanong ng ina sa anak. "At tumungo ka ba sa silid na yaon?..."

"Oo, mama... Nguni't walang tao. Siniyasat ko ang mga tagapaglingkod doon, nahulo kong si Dora nga at walang iba ang doon ay nakatira. Ayon sa tagapagdala ng pagkain, ang babai'y isang mukhang Tsina, singkit ang mga mata, at ang lalaki'y mukhang Pilipino, malaki at mabibilog daw ang mata, magandang lalaki, at mahusay managalog. Ang babae din daw, managalog man ay may kagarilan ng kaunti..."

"Samakatuwid ay doon sila nagtitira?..." tanong naman ni Don Bandong.

"Ang babae lamang daw, nguni't malimit doon ang lalaki at siyang sumasama sa mga pagpapasyal ng babae. Kung minsan daw, ang lalaki ay may kasama pang ibang babae at doon sila kumakain sa loob ng silid..."

"Hindi mo pala nakita?..."

"Hindi, Lolo... Kaya ako inabot ng gabi ay sa paghahangad kong sila ay makatagpo. Nguni't hanggang ika pito ng gabi ay hindi pa sila dumarating. Naghintay ako ng matagal sa bulwagan ng otel nguni't hindi sila sumipot..."

"Ngayon, napatutohanan mo na ang lahat?" ang wika ng ina na ikinibit pa ang balikat. "Sa wakas ay natanto mong hindi pala ako nagkakamali? Nakita mo na...? Dahil sa nabigla ka ng pagpapakasal sa kanya pati ang

Sundan sa Pahina-37



hon ay dinala ko nang lahat.

—Tungkol sa akin ay huwag na kayong mababahala. Maaaring hindi na ako umawit. Sadyang si Chayong lamang ang mapaggiit ng kanyang kalukohan eh...

—Bakit po naman?... Ayaw ba ninyong awitin ang kundiman ng ating lahi? At isa pa, Miss Fernandez. Mayron akong isang kundiman ditong akda kong sarili at hindi pa naaawit ng sinuman. Narito, tingnan ninyo... —At inilabas ang isang papel na ang mga nota'y nakatitik lamang ng maitim na tinta. —Ito'y pinamagatan kong "*Talon ng Pagsanghan....*" Inilagay ko sa awit ang lagaslas ng tubig kung lamagpak sa kabatuhan, tila buhos ng isang damdaming nag-aalimpuyo upang higupin sa ilalim ng isang damdamin din. Tubig sa itaas, tubig sa ibaba... Parang pag-ibig na magkalayo, nagmamadali ang isa at naghihintay naman ang isa... Ang patak ng tubig ay tila sinalubong ng yakap ng tubig sa ibaba... At pagkatapos... sabay silang aagos... magkatabi, magkayakap, nagtatalik at nagmamahalan sa liku-likong landas ng tubig...

—Mr. Romasanta,— ang buong panggigilalas kong nawika, —tutoo ngang kayo'y isang artista. Nabigyan ninyo ng kahulugan ang tubig ng ating Pagsanghan. Tila kayo isang tunay na makata ng tugtugin...

Minasdan niya ako at saka ngumiti.

—Iyan sana'y ibig kong marinig sa inyong mga labi... Miss Fernandez, isang karangalan ko nang masasabi kung kayo ang unang umawit ng aking kundimang iyan. Sino pa ang dapat dumakila sa Talon ng Pagsanghan kundi ang mutya rin ng Pagsanghan?...

—Hindi lang kayo makata ng musika, Mr. Romasanta, kundi isa ring mapagbiro at...

—Paano'y ibig kong maging kapalagayan ninyo, Miss Fernandez. At yamang tayo'y magtutulong ngayon sa ikapagtatagumpay ng inyong palatuntunan ay maaari bang alisin na natin ang pagtatawagan ng Mister at Miss. Ang palayaw sa akin ay Berting dito sa lalawigan, at ikaw naman ay tatawagin ko na lamang ng.... Celia, ang musa ni Balagtas!

—Napaka-adelantado ninyo... —ang nakatawa kong wika. —Nguni't isa-isang tabi na muna natin iyan. Kung talagang nais ninyong magtagumpay ang ating palatuntunan ay magsimula na tayong mag-ensayo. Ang piyano ay nasa aming tahanan. Bukas ng hapon ay maaga kong tatapusin ang klase upang tayong lahat ay magtungo sa aming bakuran. Doon natin gagawin ang unang ensayo na kalakip na ang tugtugin. Makapupunta ba kayo, Mr. Romasanta?

Mr. na naman... Nguni't kung iyan ang iyong ibig ay.. oo... Iiwan ko sa iyo ang aking kundiman upang kung maari ay masanay ka sa pagtunghay sa mga titik. Kung iyong mamarapatin, ibig kong magtungo sa inyo mamayang gabi upang iparinig sa inyong piyano ang himig ng tugtuging iyan na ngayon lamang maririnig dito sa ating nayon.

—At bakit, tagarito ka rin ba?... —at sa aking kabiglaanan ay hindi ko na siya napupo.

—Ako'y ipinanganak sa Paete nguni't maaring dumating ang araw na ako'y maging tagarito rin kung... kung magkakaroon ng kapalaran...

Aywan ko kung ano ang ibig niyang sabihin nguni't napangiti na lamang ako at sumang-ayon na siya'y tumungo sa aming tahanan sa kinagabihan...

(ITUTULOY)

## ULILANG BITUIN

(Buhat sa pahina 9)

katayuan mo sa hukbo ay naging alanganin tuloy. Sinabi mong hinahanap si Dora ng konsulado ng Korea, marahil ang babaing iyan ay isang espiya, ano?... Sinilo ka lamang upang makarating sa Pilipinas, at ang lalaking kanyang kasama ay maaaring isang kumunistang kanyang kainalam..."

"Ngayon ko lamang masasabi sa inyo, mama, lolo, noon pa mang nakaraan mga araw, ang himpilan ng hukbong Pilipino'y nakatanggap din ng isang liham na walang lagda na nagpapahiwatig na si Dora ay isang... tiktik. Hindi ko sinabi sa inyo ang bagay na ito agad sapagka't noon ay naniniwala akong gawa lamang ng isang walang magawa ang liham na yaon. Ang tutoo'y kinausap ko si Dora tungkol sa bagay na iyan nguni't pinabulaanan niyang lahat. Wala raw katutohanan..."

"At sino naman ang aamin sa iyo tungkol sa bagay na iyan?" ang pangangatwiran ng ina. "Sukat ang nalaman mo ngayon na siya'y pinaghahanap. Ngayon mo nala- ... ang ... pinakasalan mo... Lalabas ka pa ngayong kahiyahiya sa mata ng iyong mga pinuno, Ernesto..."

"Hindi ako tutugot, mama, hanggang hindi kami nagkakatuos!..." pangitngit na wika ni Ernesto na isinuntok ang dalawang kamay. "Hindi siya makaliligtas sa akin. Kung siya'y isang tiktik at ako'y naging kasangkapan lamang niya... kung ang aking pagmamahal ay ginawa lamang niyang hagdan upang matupad ang kanyang tungkulin ay magkakatuos kami!... Bukas na bukas ay hindi ako uuwi dito hanggang hindi ko natutuklasan ang katotohanan..."

At hindi nga nagpabaya si Ernesto. Kinabukasan, halos bago pa lamang sumisikat ang Araw, ang lalaki'y nag-alis ng kanyang uniporme. Nag-ayos siya ng tulad sa isang karaniwang mamamayan. Hinugot sa kanyang tataguan ang isang makintab punglo. Magdamag siyang hindi nakatulog... Ang ginawi ng asawa'y hindi maalis sa kanyang isip. Diyata't si Dora ay isang tiktik ng kumunista?... Diyata't ang kanyang asawa'y walang pagtingin sa kanya maliban sa siya'y gawing hagdan sa tungkuling lihim na ginagampanan?

Halos pagsiklaban siya ng galit tuwing magugunita ng lalaki ang kanilang pagmamahalang mag-asawa buhat sa Korea hanggang Pilipinas. Ang kabaitan ni Dora, ang pikit-matang pagsunod sa bawa't kanyang naisin, ang pagpapakumbaba sa kanyang harap na halos ang tingin sa kanya'y isang panginoong sinasamba... ang lahat kayang yaon ay pakunwari lamang upang mabuhos na mabuti ang kanyang loob at pagtitiwala?

Ipinamulsa ang pamatay na dala at saka hindi na nagpaalam sa kanyang ina, ni hindi kumain ng agahan, ibig niyang subukan ang asawa at ang lalaking kasama nito. Hindi na kinuha ang kanilang sasakyan sa garahe. Sinabi na lamang kay Sebio na siya'y may paruruNang mahalagang bagay at kung itanong ng kanyang ina, sawi...

Tumawag siya ng isang taksing paupahan at napahatid sa *Shellborne Hotel*. Upang hindi siya mahalata ng mga kawani, si Er-

(Sundan sa pahina 86)



sa piling ni Corazon ang kaligayahang ipinagkait mo. —May lungkot na mababakas sa tinig ni Miguel.

Sapat ang bulong na yaon upang saglit na makalimot si Rosenda. Buong laya niya naipaubaya kay Miguel ang nangangarap na puso ni Rosenda, sa purok ng mga salamisim.

At kaya lamang napukaw ang saglit na pagkalimot ng dalaga ay nang magawi ang kanyang tingin sa kinaroroonan ng kasama ni Miguel na ang titig ay di niya mawari kung may panibugho o paghihinala. Natanaw rin niya si Romulo na waring nangingimbulo sa pagkakahilig ng kanyang ulo sa balikat ng kasayaw, at ang tingin ni Liling na waring nagpapagunita. —Kapuwa tayo nagdusa sa aking pagkakamali, Rosenda, —patuloy na bulong ni Miguel. — hindi ko maitatawa ang katotohanang iniibig pa rin kita, pinakaiibig pa rin kita, Rosy.

Napapitlag ang dalagang tila nagising sa panganagarap. Inilayo ang kanyang katawan sa mahigpit na pagkakahapit ng kasayaw.

—Miguel!... Utang na loob... huwag mo akong turuang magkasala, —aniyang pinagsisikapang paglabanan ang kanyang sariling damdamin. Nakahinga siya nang maluwag nang matapos ang tugtog.

Natapos ang tagpong yaong nag-iwan ng lalong matingkad na alaala sa puso ni Rosenda. Nakadikit sa kanyang balintataw ang nakangiting larawan ni Miguel. Taglay pa rin ng dating kasuyo ang kakisigang umakit sa kanyang puso.

At ang pagkikita nina Rosenda at Miguel ay nasundan pa ng maraming ulit. At saka pa lamang nanumbalik kay Rosenda ang dating sigla nito. Ang gayon ay hindi nalilingid sa mapanuring pansin ni Liling, na lagi niyang kasama-sama kahit saan siya mapatalaga sa pamumudmod ng tulong buhat sa kagalingang panlipunan. Nakikiramdam lamang si Liling sa mga gawi ni Rosenda at nang hindi na makatiis palibhasa'y nababahala rin siya sa kalagayan ng kaibigan na nanganganib magkasala dahil sa panunukso ng pangyayari ay minsan pang pinagpaalalahanan si Rosenda na tulad sa isang kapatid.

—Rosy, ang pagpapaalaala ay gamot sa taong nakalimot. Alam mong si Miguel ay mayroon nang pananagutan sa mata ng tao at maging sa harap ng Diyos. Aanhin mo ang kaligayahang hindi mo masasarili? Samantala, kung si Romulo ang...

—Tama na Liling!... Tama na... hindi ko kailangan ang iyong paalaala. Kung inaakala mong mabuti si Romulo, kayong dalawa ang magsama, —pasinghal niyang sabi kay Liling at nagmamadali nitong tinungo ang isang barung-barong sa pook na yaon ng mga dukha na pinagkalooban nila ng tulong.

Naiwan si Liling na nabigla sa inasal ni Rosenda. Alam ni Liling na nasalang niya ang mahinang bahagi ng damdamin ni Rosenda, kaya't ito'y biglang nanghimagsik. Bagaman nasaktan siya sa ginawi ng kaibigan ay hindi niya magawang pagtamnan ito ng sama ng loob. Mahal si Rosenda at mahalaga ang kapakanan nito para sa kanya.

May ilang sandali ring nanatili sa pagkakatayo si Liling at sinundan na lamang ng tingin ang lumayong kaibigan. Pagkaraan ng saglit na pagkakatigagal ay namimigat ang mga paang humakbang si Liling patungo sa kinaroroonan ni Rosenda.

Samantala... Nakalulunos ang tanawing nabungaran ni Rosenda sa barung-barong na yaong kanyang tinungo. Halos ay mag-away sa pagkaing kanyang ibinigay ang dalawang batang lalaking dinatnan niya roon. Marurungis ang mga batang yaon... 'Nakasusulasok ang amoy na sumasalubong sa bawa't aakyat sa barungbarong na iyon. Sa sulok ng halos ay giray nang dampa ay nakalatag ang kapiyangot na banig na kinahihigan ng sanggol na sa malas ay may ilang linggo pa lamang sa maliwanag. Mapula't nangangalirang ang batang katulad ng kanyang ina. At nanghilakbot si Rosenda nang makilala ang ina ng bata ay walang iba kundi si Corazon na asawa ni Miguel. May kilabot na gumapang sa buo niyang katauhan.

Nagunita niya nang gabing magkatagpo sila ni Miguel sa sayawang kapuwa nila dinaluhan na iba ang kasama ni Miguel. Diumano ay pinsan ni Corazon na kanyang asawa. Nanumbalik sa kanyang alaala ang kakaibang kislap sa mga mata ng babaing kasama ni Miguel habang sila'y nagsasayaw. Ngayon niya nabigyan ng kahulugan ang nanunukat na tingin niyon. At ang mabilis na pag-iwas ni Miguel nang minsang sila ay naglalakad sa may Abenida nang makita ang babaing yaong nakasama nito sa sayawan.

At saka pa lamang siya nagising sa isang mapait na katotohanan. Katotohanang nagpapatingkad sa kanyang napakalaking kamalian sa pagkilala sa lalaking sinamba ng kanyang puso't kaluluwa. Saka pa lamang niya nabigyang halaga ang katauhan ni Romulo, ang mga pagunita ni Liling, ang mahahalagang pangaral ng kanyang yumaong ina...

Nahihiya siyang napatungo nang masalubong ng kanyang tingin ang nagtatakang mga mata ni Liling na sumunod sa kanya nang makita si Corazon sa nakahahambal na ayos na yaon..

Ang pagkaawang sumapuso ni Rosenda sa nakahahambal na katayuan ng mag-iina ni Miguel ay nagpaapoy ng pagkamuhi sa lalaking malaong idinambana sa kanyang puso.

—Patawarin mo ako Liling, may katuwiran ka. Ngayon lamang namulat sa katotohanan ang aking mga mata. —at pinahid ang luhang ibinunsod ng magkahalong awa at pagkamuhing namumugad sa kanyang puso.

Isang marahan at nakauunawang pisil sa kanyang bisig ang naging tugon ni Liling. At magkasunod nilang tinalunton ang landas na palayo sa pook na yaong kinatuklasan nila ng nangungusap na katotohanan sa buhay at pagkatao ni Miguel...

—WAKAS—

## ULILANG BITUIN

(Buhat sa pahina 37)

nesto'y nagtungo sa kainan ng otel at doon humingi ng aalmusalin. Buhat sa hapag ng kanyang kinakainan ay tanaw na tanaw niya ang malaking pintuang labasan-pasukan ng malaking gusali. Marahan ang kanyang pagkain upang siya'y hindi mahalatang may hinihintay.

Ganap na ika walo ng yata ng umaga nang manglaki ang kanyang mga mata. Isang babaing nakabupanda ang pumasok na kasunod ang isang lalaki at isang dalagita.

"Si Dora...! Si Dora nga...!" ang kanyang nasambitla na kauntik nang malaglag sa kamay ang sigarilyong hinihitit.

Hindi niya gaanong namukhaan ang lalaki, ang kanyang mata'y nakapako sa asawang matuling-matuling umakyat sa hagdanan. Hindi siya agad sumunod... Ibig niyang magkaroon ng panahong makapag-isip kung ano ang hakbang na kanyang gagawin. Kinapa ang rebolber na namumutok sa bulsa ng kanyang amerikana.

Mahinahon niyang tinawag ang tagapaglingkod at binayaran ang kanyang kinain. Hindi rin siya nagmadali... Banayad din ang kanyang lakad upang hindi siya mahalata. Akala ng mga kawaning kanyang nasalubong, siya'y isa ring naninirahan sa otel na yaon kaya't hindi man lamang siya binati. Upang lalong mailubos ang pagtitiwala sa kanya ay


**ST. JUDE'S CLINIC & MATERNITY**
302 Maria Clara, Sampaloc, Manila
Tel. 3-34-98

**DR. RAMON ATIENZA JR.**
Nag-espesyalista sa Unibersidad ng Harvard Cook County Hospital, Michael Reese at St. Catherine Hospital, Amerika
Sa sakit sa puso, alta presiyon at mga bata.

**DRA. FELICIDAD CALIP-ATIENZA**
Nag-espesyalista sa Johns Hopkins Hospital, Cook County Hospital Women & Children Hospital at St. Catherine Hospital, Amerika. Sa hindi mag-anak panganganak, Sakit sa matris, at sakit sa obario.

**DRA. CARMELITA R. BELMONTE**
*Espesyalista*
Sa Sakit ng mga Bata
Klinika at Tahanan: 1111 Dos Castillas, Maynila
Oras: 2-4 P.M. Araw-araw
Telepono — 3-96-50

**Victoria Fashion School**
Recognized by the Government
451 QUEZON Blvd., Quiapo — Enrollment Going On
DRESSMAKING—EMBROIDERY
Day—Evening Classes Individual Instructions

***DR. J. Y. FORES***
(Espesyalista)
Cancer, Sakit ng Lalamunan
Tiyan, Atay at Bituka
Tahanan: ELPO COMPOUND Grace Park Tel. 20-377
Tanggapan: ST. LUKE'S HOSPITAL 1015 Magdalena St. Tel. 2-69-01
ORAS NG KONSULTA:
10-12 N.T. — 4-6 N.H.

